File

Republic of the Philippines
Province of Oriental Mindoro
MUNICIPALITY OF BULALACAO

# OFFICE OF THE SANGGUNIANG BAYAN

HALAW SA KATITIKAN NG REGULAR NA PAGPUPULONG NG SANGGUNIANG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO NA GINANAP NOONG IKA-10 NG SETYEMBRE, 2001 DITO SA SANGGUNIANG BAYAN SESYON HALL

MGA DUMALO:

| | |
|---|---|
| Kgg. Ludovico C. Silang | - Tagapamanihala ng Pulong |
| Kgg. Teresita S. Bantugan | - Sang. Bayan Member |
| Kgg. Eduardo C. Aceron | - -do- |
| Kgg. Efren S. Acosta | - -do- |
| Kgg. Cesar P. Lantin | - -do- |
| Kgg. Benhur S. Cabagay | - -do- |
| Kgg. Rosalinda M. Cabagay | - -do- |
| Kgg. Senen C. Familara | - -do- |
| Kgg. German S. Acosta | - Pang.,Liga ng mga Brgy. |
| Kgg. Jimuel T. Cabagay | - Pang.,SK Pederasyon |

HINDI NAKADALO:

Kgg. Salvador A. Magalay - Sang. Bayan Member

x - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - - -x

"KAPASYAHAN BLG.01-09-143

KAPASYAHANG MARUBDOB NA HUMIHILING SA KAGALANG-GALANG GLORIA MACAPAGAL-ARROYO, PANGULO NG REPUBLIKA NG PILIPINAS SA PAMAMAGITAN NG DIREKTOR NG KAWANIHAN NG MGA BILANGGUAN NA MABIGYAN NG KALAYAANG MAY PASUBALI (PAROLE) SI GINOONG HARRY PAIGAO NG BAYAN NG BULALACAO, SILANGANG MINDORO

"SAPAGKAT, ayon sa talaan, si G. Harry Paigao ay nakulong ng limang (5) taon sa Roxas Provincial Jail, Roxas, Oriental Mindoro sa salang pagpatay at sa kasalukuyan ay nakapiit sa Dorm 4-82, Bureau of Correction, City of Muntinlupa, limang (5) taon na mahigit mula sa kanyang pagkakalipat;

"SAPAGKAT, ang kanyang pagkakapiit ay bunga ng kanyang pagkakapatay sa nawalang Osias Genabe dahilan na rin umano sa pagtatanggol ni Harry Paigao sa kanyang buhay, subalit dahilan na rin sa kahirapan ay hindi siya nagkaroon ng pagkakataon na ipagtanggol na ganap ang kanyang karapatan;

"SAPAGKAT, napag-alaman na tradisyunal ng iginagawad ng Pangulo ang 'Parole' tuwing sasapit ang kanyang kaarawan at araw ng kapaskuhan sa mga bilanggong may malinis na rekord habang nagsisilbi sa loob ng piitan;

"SAPAGKAT, bilang pagsuporta, ang Sangguniang Bayan ay ipinasa ang resolusyong ito, kalakip ang mga manipestasyon ng pagtulong mula sa ibat-ibang mga sektor upang sama-samang hilingin ang kalayaang may pasubali ni G. Harry Paigao, kalakip rin ang bukas na liham mula sa kanyang ina na umaasang sa murang edad pa ni Harry Paigao ay may pag-asa pa ring sisikat para sa panibagong bukas sa pagpapanibagong buhay bilang malayang mamamayan na makipagsapalaran sa panibagong daigdig na walang pader at rehas;

SAPAGKAT, naniniwala ang Kapulungang ito na hindi sarado ang pinto ng pagkakataon para sa pagbabagong buhay ng minsang nagkamali at nagdusa, subalit naniniwala pa rin siya na sa darating na kapaskuhan, isang napakatamis na aginaldo para kay G. Harry Paigao na madamang muli ang mga biyaya ng kalayaan sa piling ng kanyang mga minamahal sa buhay;kung kaya't dahil dito

PINAGPASYAHAN GAYA NG GINAWANG PAGPAPASYA NA, Marubdob na humihiling sa Kagalang-Galang Gloria Macapagal-Arroyo, Pangulo ng Republika ng Pilipinas sa pamamagitan ng Direktor ng Kawanihan ng mga Bilangguan na mabigyan ng kalayaang may pasubali 'Parole' si Ginoong Harry Paigao ng Bayan ng Bulalacao, Silangang Mindoro;

SA MUNGKAHI ni Konsehal Cesar P. Lantin na pinangalawahan ng lahat ng dumalo, ang Kapasyahang ito ay . . .

PINAGTIBAY:" Setyembre 10, 2001, Bulalacao, Silangang Mindoro.

---

TERESITA S. BANTUGAN
Konsehal

EDUARDO C. ACERON
Konsehal

CESAR P. LANTIN
Konsehal

EFREN B. ACOSTA
Konsehal

BENHUR S. CABAGAY
Konsehal

ROSALINDA M. CABAGAY
Konsehal

BENEN C. FAMPIARA
Konsehal

GERMAN S. ACOSTA
Pang.,Liga ng mga Brgy.

JIMUEL T. CABAGAY
Pang.,Ped. ng SK

NAGPAPATUNAY SA KATOTOHANAN AT KAWASTUHAN:

LUDOVICO C. SIIANG
Pangalawang Punong Bayan/
Tagapamanihala ng pulong

SINAKSIHAN:

[illegible] G. BORGENTOS
Kalihim ng Sanggunian

PINAGTIBAY:

GEMMA G. SALAS
Punong Bayan
Petsa ng nilagdaan: 10/10/2001

011002
jpc/